Australian Government
Medicare Australia

Iba pang Mga Programa ng Medicare Australya

Medicare Teen Dental Plan

Ano ang Medicare Teen Dental Plan?

Pinasimulan ng Pamahalaang Australya ang Medicare Teen Dental Plan upang makatulong sa gastusin ng isang taunang hadlang-sa-pagkasira na pagsusuri ng ngipin para sa mga karapat-dapat na mga tin-edyer na nasa 12-17 taong gulang.

Karapat-dapat ba ako para sa Medicare Teen Dental Plan?

Karapat-dapat ka para sa Medicare Teen Dental Plan at makakatanggap ng hadlang-sa-pagkasira na pagsusuri ng ngipin kung ikaw ay tin-edyer:

- nasa 12-17 taong gulang
- tumatanggap ng Abstudy, Kabayaran sa Tagapag-alaga, Suportang Pensyon sa May Kapansanan, Kabayaran sa Pangangalaga, Espesyal na Benepisyo o Panggastos ng Kabataan; o
- ang pamilya/nag-aalaga/tagapag-alaga ay nakakatanggap ng Family Tax Benefit Part A (FTB-A), Kabayaran sa Pagkamagulang o ang Double Orphan na Pensyon para sa iyo; o
- ang kapartner ay nakakatanggap ng FTB-A o Kabayaran sa Pagkamagulang; o
- 16 na taong gulang o mahigit pa at nakakatanggap ng pampinansyal na tulong sa ilalim ng Veterans' Children Education Scheme (VCES) o ang Military Rehabilitation and Compensation Act Education and Training Scheme (MRCAETS)
- karapat-dapat na maghabol ng mga benepisyo sa Medicare.

Paano gumagana ang Medicare Teen Dental Plan?

Kung karapat-dapat ka para sa plano, may isang sulat at kapalit-ng-pera tungkol sa pagiging karapat-dapat para sa hadlang-sa-pagkasira na pagsusuri sa ngipin ang ipapadala sa iyo o sa iyong magulang o tagapag-alaga. Kung ikaw ay nasa patas na ibinahaging usapan sa pangangalaga, isang sulat at kapalit-ng-pera ang ipapadala sa iyong mga magulang o tagapag-alaga.

Para saan ang kapalit-ng-pera?

Pinapayagan ka ng voucher na makapaghabol ng benepisyo mula sa Medicare bawat taon sa sandaling nagpatingin ka sa iyong dentista at nagkaroon ng hadlang-sa-pagkasira na pagsusuri sa ngipin. Ang voucher ay dapat ibigay sa dentista kapag mayroon ka ng hadlang-sa-pagkasira na pagsusuri sa ngipin. Ipinapakita ng voucher sa dentista na ikaw ay karapat-dapat para sa preventative dental na pagsusuri sa ilalim ng Medicare Teen Dental Plan. May-bisa lamang ang mga voucher para sa taong nakapangalan sa voucher at hindi maaaring ilipat sa isa pang tao.

Ano ang dapat kong gawin kung hindi ako nakakuha ng voucher?

Kung sa tingin mo ay karapat-dapat ka para sa voucher at hindi nakatanggap ng anuman, o nawala mo ang iyong voucher, maaari mong tawagan ang **132 011*** o bisitahin ang alinmang tanggapan ng Medicare.

Ano ang hadlang-sa-pagkasira na pagsusuri sa ngipin?

Ang preventative dental na pagsusuri ay dapat binubuo ng isang eksaminasyon sa bibig. Maaari ring gawin ng iyong dentista ang:

- kumuha ng mga x-ray
- magbigay ng pagkakaliskis at paglilinis
- magbigay ng fluoride na paggagamot

- magbigay sa iyo ng mga tagubilin ukol sa wastong pangangalaga ng bibig
- magbigay ng payo sa pagdidiyeta
- pagpasta sa mga butas o bitak sa ngipin (pagpasta sa mga biyak sa ngipin).

Kabilang ang lahat ng mga serbisyong ito at maaaring isagawa nang ilang mga araw at hindi maaaring singilin nang magkahiwalay o hanggang sa matapos ang paggagamot sa iyo.

Paano ang dapat kong gawin sa pagkakaroon ng preventative dental na pagsusuri?

Sa sandaling natanggap mo ang iyong voucher, ang mga sumusunod na hakbang ay makakatulong na matanggap ang iyong benepisyo.

Hakbang 1—magsagawa ng isang pagpapatingin sa dentista

Kapag nagsasagawa ng pagpapatingin sa dentista, kailangan mong suriin ang:

- na ang dentista ay magbibigay ng preventative dental na pagsusuri sa ilalim ng Medicare Teen Dental Plan
- na kung inaasahan kang magbabayad ng anuman nang direkta at maging higit man ito sa makukuhang benepisyo mula sa Medicare Australia.

Kung karapat-dapat ka para sa mga pampublikong dental na serbisyo maaari mo ring tawagan ang pinakamalapit na klinikang pampubliko (kabilang ang mga klinikang naka-base sa paaralan) upang tingnan kung nagbibigay sila ng mga preventative dental na pagsusuri.

Hakbang 2—gawin ang iyong preventative dental na pagsusuri

Kailangan mong dalhin ang iyong voucher sa dentista kapag nagkaroon ka ng preventative dental na pagsusuri.

Hakbang 3—paghahabol - sa iyong preventative dental na pagsusuri

Pagkatapos ng iyong preventative dental na pagsusuri, sisingilin ka ng dentista sa isa sa tatlong mga pamamaraan.

1. Ang dentista ay iipunin ang singil sa serbisyo at hihingin sa iyong lagdaan ang isang form na Nagtatalaga ng Benepisyo para makuhang direkta ng dentista ang benepisyo sa dental mula sa Medicare Australia.
2. Hihilingin ng dentista na magbayad ka ng buo para sa serbisyo. Maaari mong kunin ang iyong benepisyo sa pamamagitan ng pagsusumite ng account/resibo mo sa iyong pinakamalapit na tanggapan ng Medicare o sa pamamagitan ng koreo.
3. Bibigyan ka ng dentista ng isang di-nabayarang kwenta. Kailangan mong dalhin ang account/resibo mo sa iyong pinakamalapit na tanggapan ng Medicare o i-koreo ito sa Medicare Australia. Papadalahan ka namin ng tseke na naka-pangalan sa dentista, para sa halagang matatanggap. Kakailanganin mong ipadala ang tseke sa dentista, kasama ang anumang kulang na halaga na dapat mong bayaran.

Mahalagang impormasyon

- Kung karapat-dapat ka para sa preventative dental na pagsusuri, maaari kang magpatingin sa iyong dentista bago pa makarating sa iyo ang Medicare Teen Dental Voucher subalit hindi mo makukuha ang iyong dental na benepisyo mula sa Medicare Australia hanggang ang voucher na iyon ay naiparating sa iyo para sa taon na iyon.
- Kung ikaw ay nasa patas na ibinahaging usapan sa pangangalaga, ang unang pamilya na maghahabol ng serbisyo sa Medicare Australia ang nararapat sa buong benepisyo ng dental.

- Kung ang kabuuang halagang ginastos sa iyong preventative dental ay higit pa sa halaga ng iyong voucher, babayaran lamang ng Medicare Australia ang halagang nasa voucher. Pananagutan mo ang anumang karagdagang halaga. Kung ang kabuuang halagang ginastos ay mas mababa sa halaga ng iyong voucher, babayaran lamang ng Medicare Australia ang halaga na siningil sa iyo ng dentista.
- Ang preventative dental na pagsusuri ay isang Serbisyo ng Medicare na maaaring makuha mula sa Medicare Australia. Maaari mong piliing makuha sa pamamagitan ng iyong pribadong pondo sa kalusugan, gayunpaman, hindi ka maaaring kumuha ng magkabila.

listahan ng buod

- Itago ang iyong voucher at sulat sa isang ligtas na lugar.
- Tiyaking dala mo ang iyong voucher at Medicare card kapag bumisita ka sa dentista.
- Tiyaking dala mo ang iyong Medicare card kapag kumukuha ng iyong benepisyo sa tanggapan ng Medicare.
- Tandaan na ipaalam sa Medicare Australia, Centrelink o DVA kung nagbago ang iyong mga detalye sa hinaharap.

Para sa karagdagang impormasyon

Online	**www.medicareaustralia.gov.au** **www.health.gov.au/dental**
Tawagan ang	**132 011***
TTY	**1800 552 152**** (Sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)
TIS	**131 450*** (Serbisyo ng salinwika at interpreter)

Pambansang Programa sa Pagsusuri ng Kanser sa Bituka

Ano Programa sa Pagsusuri ng Kanser sa Bituka?

Layunin ng The National Bowel Cancer Screening Program na bawasan ang insidente at kamatayan mula sa kanser sa bituka sa pamamagitan ng paghahandog sa mga taong malapit ng 50, 55 o 65 na taong gulang sa pagitan ng Enero 2008 at Disyembre 2010 na pagsusuri ng faecal occult blood test (FOBT) sa pagkapribado ng kanilang sariling tahanan.

Karapat-dapat ba akong lumahok sa Programa sa Pagsusuri ng Kanser sa Bituka?

Ang mga taong nasa loob ng karapat-dapat na edad ay aanyayahang makibahagi sa programa. Ang karapat-dapat na edad ay ang mga Australyanong malapit ng 50, 55 o 65 na taong gulang sa pagitan ng ika-1 ng Enero 2008 at ika-31 ng Disyembre 2010, na may hawak na Medicare card o DVA gold card.

Ang mga may hawak ng pansamantalang visa at pansamantalang mga residente ay hindi aanyayahang lumahok sa programa kahit na sila ay nasa tinukoy na saklaw ng edad.

Kung karapat-dapat kang lumahok sa programa, makakatanggap ka ng isang imbitasyon sa pamamagitan ng sulat upang kumpletuhin ang simpleng pagsusulit na tinatawag na faecal occult blood test (FOBT) sa pagkapribado ng iyong sariling tahanan at i-koreo ito sa laboratoryo ng patolohiya para sa pag-aanalisa. Walang kasangkot na gastos sa pagkumpleto ng FOBT. Kung mayroon kang positibong resulta sa FOBT papayuhan kang talakayin ang resulta sa iyong doktor, na karaniwang isasangguni ka para sa karagdagang mga pagsisiyasat, gaya ng colonoscopy.

Ang Pambansang Rehistro sa Pagsusuri ng Kanser sa Bituka

Pinapangasiwaan ng Medicare Australia ang Pambansang Rehistro sa Pagsusuri ng Kanser sa Bituka. Ang Rehistro ay nagbibigay ng mga imbitasyon upang lumahok sa Programa, itinatala ang mga detalye ng kalahok kabilang ang kasaysayan ng pagsusuri, mga resulta sa FOBT at colonoscopy pati na rin ang pagbibigay ng mga paalalang sulat sa mga kalahok at kanilang napiling doktor/ medical practice.

Pinapanatiling pribado at kumpidensyal ang personal na impormasyon at mga resulta sa pagsusuri. Ang impormasyong itinago sa Rehistro ay protektado ng batas (the Privacy Act 1988) at personal na mga detalye ay inilalabas alinsunod sa Information Privacy Principles ng batas na iyon.

Anong impormasyon ang itinatago sa Rehistro?

Itinatago ng Rehistro ang mga detalye gaya ng:

- iyong mga personal na detalye hal., pangalan, mga detalye sa contact, edad at kasarian
- ang iyong numero sa Medicare
- ang mga resulta ng pagsubok na pagsusuri
- ang pangalan ng iyong napiling doktor
- ang mga resulta ng anumang karagdagang mga pagsubok na isinagawa, gaya ng colonoscopy o biopsy.

Saan gagamitin ang impormasyong ito?

Gagamitin ng Medicare Australia ang mga personal na detalye sa:

- pag-imbita sa mga karapat-dapat na tao upang masuri
- paalalahanan ang mga karapat-dapat na tao na kumpletuhin ang kanilang FOBT
- magbigay ng mga detalye ng contact sa laboratoryo ng patolohiya na mananagot para sa pag-aanalisa sa mga FOBT
- suriin ang mga paghahabol sa Medicare at Department of Veterans Affairs para sa mga eksaminasyon sa bituka kung kinakailangan at makipag-ugnay sa mga tagapagbigay ng serbisyong medikal upang humiling ng may-katuturang ulat na isusumite sa Rehistro
- Magpadala ng mga paalalang sulat at/o magsagawa ng mga pagtawag sa telepono (kung saan kinakailangan) sa mga kalahok at sa kanilang napiling doktor.

Ibibigay ang iyong pangalan at petsa ng kapanganakan sa Australian Institute of Health and Welfare (AIHW) para sa layuning pagtutugma sa datos sa Rehistro sa kanser upang ipakita na nakakapagligtas ng buhay ang Programa. Ang pagbibigay ng datos sa AIHW ay saklaw sa batas ng pagiging sikreto ng Australian Institute of Health and Welfare Act 1987.

Ang iyong pangalan, contact at mga detalye ng pagsusuri ay maaari ring ibigay sa mga tao upang matulungan ka sa iyong medikal na pangangalaga na may kinalaman sa pagsusuri ng kanser sa bituka:

- ang iyong napiling doktor
- mga espesyalistang doktor na maaaring isangguni ka
- mga opisyal sa pag-follow up sa kalahok
- mga empleyado sa bowel cancer screening area ng mga pamahalaang estado/teritoryo.

Sino ang magkakaroon ng access sa impormasyon sa Rehistro?

Ang impormasyong pinapangasiwaan sa Rehistro at impormasyong ibinigay sa AIHW sa pamamagitan ng Rehistro ay protektado ng batas at hindi ibubunyag sa iba pang tao o organisasyon na wala kang pahintulot o maliban kung kinakailangan o pinahintulutan ng batas.

Anong impormasyon ang ibinibigay ng mga doktor at espesyalistang doktor sa Rehistro?

Ang mga pangkalahatang praktis at espesyalista ay magbibigay ng impormasyon sa Rehistro (sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga form sa pagkolekta ng datos) tungkol sa mga konsultasyon / mga pamamaraan sa mga kalahok sa programa na nakatanggap ng positibong resulta sa FOBT.

Para sa karagdagang impormasyon

Online	**www.medicareaustralia.gov.au** **www.cancerscreening.gov.au**
Tawagan ang	National Bowel Cancer Screening Register Information Line—**1800 118 868****
TTY	**1800 552 152**** (Sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)
TIS	**131 450*** (Serbisyo ng salinwika at interpreter)

*may mga singil sa pagtawag.

**may mga singil sa pagtawag mula sa mobile at mga pay phone lamang.

Programa sa pagbalik-bayad sa panlabas na prostesis sa suso

Ano ang Programa sa pagbalik-bayad sa panlabas na prostesis sa suso?

Ang programa sa pagbabalik-bayad sa panlabas na prostesis sa suso (ang programa) ay isang inisyatiba ng Pamahalaang Australyano upang maglaan ng pagbabalik-bayad para sa bago o pagpapalit ng panlabas na prostesis sa suso doon sa mga kababaihang nagkaroon na ng mastectomy dahilan ng kanser sa suso.

Maaaring makuha ang pagbabalik-bayad para sa bago at pagpapalit ng prostesis sa suso mula ika-1 ng Hulyo 2008.

Karapat-dapat ba ako?

Ang lahat ng mga kababaihang permanenteng residente ng Australia ay nararapat sa Medicare na nagkaroon ng mastectomy ng dahilan sa kanser sa suso ay karapat-dapat na makakuha ng pagbabalik-bayad.

Paano ko makukuha ang pagbabalik-bayad?

Upang makuha ang pagbabalik-bayad kailangan mong punuan ang pormularyo sa paghahabol. Makukuha ang pormularyo sa anumang tanggapan ng Medicare o sa **www.medicareaustralia.gov.au**

Sa sandaling makumpleto mo na ang pormularyo sa paghahabol, ilakip ang iyong orihinal na resibo at dalhin ito sa anumang tanggapan ng Medicare o ipadala ito sa:

Medicare Australia
GPO Box 9822
sa iyong kabiserang lungsod

Magkano ang halaga ng pagbabalik-bayad?

Ang pagbabalik-bayad ng hanggang sa $400 para sa bawat bago o pagpapalit ng prostesis sa suso ay maaaring mabayaran depende sa halaga ng prostesis. Nailalapat ito para sa bawat prostesis para sa bawat suso.

Gaano kadalas akong maaaring kumuha ng pagbabalik-bayad?

Kung naisagawa na ang paghahabol sa ilalim ng programa, ang karagdagang pagbabalik-bayad ay maaaring makuha ng hindi hihigit sa dalawang taon mula sa petsa ng huling pagbili. Nailalapat ito para sa bawat prosthesis para sa bawat suso.

Paano babayaran ang pagbabalik-bayad?

Ang lahat ng mga pagbabalik-bayad ay idedeposito sa bank account na iyong isasaad sa iyong pormularyo ng paghahabol. Papadalahan ka namin ng statement na nakalista ang halagang naka-deposito sa iyong account na maaaring itago para sa layuning pagbubuwis.

Para sa karagdagang impormasyon

Online	**www.medicareaustralia.gov.au**
Tawagan ang	**132 011***
TTY	**1800 552 152**** (Sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)
TIS	**131 450*** (Serbisyo ng salinwika at interpreter)

*May mga singil sa pagtawag.

**May mga singil sa pagtawag mula sa mobile at mga pay phone lamang.

1577_18f.04.11.09